



Nahanap na Pangarap!

Sa isyung ito ng Mimitaro, nakapanayam namin si Bb. Dou Tei Lan (Residente ng Kusatsu) na nagtitinda ng mga pagkain mula sa Vietnam.



Limang taon na ang nakalilipas simula nung dumating ako dito sa Japan, pagkatapos namin magpakasal ng asawa ko na nagtrabaho dito. Pagkadating ko palang naaaliw na ako sa mga naggagandahang mga bulaklak tulad ng tulip at ang cherry blossoms, at ang kabaitan ng mga tao sa Japan. Higit sa lahat hindi ko rin makakalimutan ang kabaitan ng taong tumulong sa akin nung hindi pa ako marunong magsalita ng hapon, tinulungan niya ako nung nasiraan ako ng bisikleta at dinala doon sa paayusan nito.

Kaya habang marami akong natatanggap na suporta mula sa mga taong nakapaligid sa akin, marami pa rin din akong sunod-sunod na naharap na mga hamon sa buhay sa paninirahan ko dito sa Japan. Pagkalipas ng isang taon mula pagkadating ko dito sa Japan, nanganak ako at pagkatapos nun nakahanap ako ng trabahong part-time sa convenience store at nagsimula na akong magtrabaho. Dahil hindi pa ako magaling magsalita ng wikang hapon nag alala ako na baka hindi ako makatanggap ng sahod dahil sa balakid sa wika, kaya pinagsikapan kong matuto ng salita, nagtiyagang magtrabaho mula 6 ng umaga hanggang 9 ng umaga at mula 10 ng umaga hanggang 12 ng tanghali. Nag aral din ako sa mga boluntaryong klase ng wikang hapon. Pagkabuntis ko sa pangalawa ako ay tumigil sa trabaho, ngunit nagpatuloy pa rin ako sa aking pag aaral at bago ako manganak ako ay nakapasa sa pagsusulit ng kakayahan sa wikang hapon(JLPT). Sobrang tuwa ko nung may nagsabing “Ikaw at ang anak mo ay nakapasa kayo pareho”.

Sa ngayon 4 at 2 taon gulang na ang mga anak ko, masaya at parehong pumapasok sa Hoikuen (Nursery). Sa tingin ko masaya sa nursery ng mga hapon dahil mayroon silang mga kaganapan tulad ng araw ng palakasan/ isport kung saan maaring lumahok kasama ang mga magulang. Ang mga magulang na kaibigan ko ay nakatira sa malayo kaya kung may mga alalahanin ako patungkol sa pag aaruga sa mga bata, komukunsulta ako sa sentro para sa pangangalaga ng mga bata sa munusipyo. Palagay ang loob kong palakihin ang mga anak ko sa mapayapang bansa. Pagkatapos kong manganak sa pangalawang anak ko, naghanap ako ng trabaho na maari kong magawa sa bahay, mula sa mga payo ng kaibigan, nag umpisa akong magtinda ng mga pagkain

galing Asya sa internet. Sa umaga ng 8:30, inihahatid ko sa nursery (hoikuen) ang aking mga anak at pagkatapos nun doon na ako nagtrabaho. Bininbili ko ang mga produkto mula sa mga kumpanyang nag iimport, inalam ko ang mga order at ipinapadala ko ang mga produkto, minsan naman derikta ko rin inihahatid ang mga produkto ng nakasasakyan. Nagdedeliver ako hindi lang sa buong kusatsu kundi maging man sa mga kalapit-bayan, kaya oras-oras umaasa ako sa pangalagaan ng mga bata. Tinutulungan din ako ng aking asawa sa pagbebenta at pag aalaga sa mga bata. Kaya kahit papano kami ay nagtutulungan. Sa aking pagdedeliver nakakatuklas ako ng mga magagandang lugar kaya pagdating ng linggo masaya kong nabibisita ang mga lugar na iyon.


Isang araw tinanong ako ng gurong nag alaga sa akin sa mga panahong nag aaral pa ako sa paaralan ng wikang hapon “Kung puwede ko ba siyang lutuan ng pagkaing-vietnamese?, kaya nilutuan ko siya ng “Pho”(Vietnamese noodles). Makalipas ang ilang sandali lang ipinakilala ako ng aking guro sa isang lugar pang- kaganapan sa loob ng AL Plaza Kusatsu. At simula nung nakaraang nobyembre, tuwing linggo nagtitinda na ako ng mga pagkain at produktong- vietnamese.

Ang mga pumupunta at namimiling mga tao dito ay hindi lamang mga vietnamese kundi mula sa ibat ibang mga lahi tulad ng mga Hapon, Intsek at Brazillian. Lalong-lalo na ang mga vietnamese masaya silang pumupunta dito, at minsan may pumunta pa na nanggagaling kobe, ang isa naman sa sobrang tuwa nasabi nitong sa “2 taon simula ng dumating siya rito sa Japan ito ang kauna-unahang pagkakataon niyang makakain na parang ibinabalik siya sa kanyang sariling bayan” at umulit pa ito ng order. Sa vietnam maraming kainan ang nakahilira sa mga kalye, karaniwang may kaugaliang kumain ng almusal sa labas, sa mga Vietnamese ang kapaligiran ito ay napakaespesyal, pinaramdam nito sa akin ang mga alaala, makitang nagbubunyi ang lahat, nagsimula akong mangarap na magkaroon ng isang karenderiya na maari mong mapuntahan kahit kailan gusto mong kumain at malasahan ang lutong-atin. Pinag iisipan ko rin kung papano ko ipapakilala ito sa mga hapon na may bahagyang pagkakaiba sa panlasa, ngunit kung iisipin ko ang tungkol dito mas lalong lumalawak ang mga pangarap ko.

Sa ngayon, dahil sa paglaganap ng COVID-19, mahirap mangibang bansa, ngunit dahil na rin sa panahon ng kagipitan, hinihikayat ko ang mga tao na tikman nila ang aming mga pagkain itinitinda, nanmnamin nila ang banyagang kapaligiran. Kung maisakatuparan ko ang aking mga pangarap,puntahan,bisitahin ninyo ang aming karenderiya/kainan.

Seguro-Pangkalusugan Serye 5

Kapag mangananak



Ang Segurong-Pangkalusugan ay hindi lamang tungkol sa bayarin sa pagkakasakit. Mayroong mga ilang benepisyo din ito. Sa isyung ito, ipapakilala sa inyo ang mga benipisyong makukuha mula sa seguro-pangkalusugan na may kaugnayan sa panganganak. Ito ay isang sistema na nais naming malaman ng mga taong malapit nang manganak.

Maaari bang magamit ang segurong-pangkalusugan sa panganganak [Minsanang Bayad sa panganganak at pag-aaruga ng sanggol] (*Shussan Ikuji Ichijikin*)

Ang normal na pagbubuntis at panganganak ay hindi isang sakit, kaya ang gastusin para dito ay hindi saklaw ng segurong-pangkalusugan. Hindi ito maaring sumailalim ng 30% lamang na bayarin para sa pagpapasuring-medikal.

Gayunpaman, sa pamamagitan ng paggamit "Sa sistemang- deriktang pagbayad ng Minsanang Bayad sa panganganak at pag-aaruga ng sanggol *Shussan Ikujiichijikin* malilibre ang bayaring-medikal sa panganganak, kung kaya ang mga babayaran lang sa ospital ay yaong mga sobra doon sa mga gastusin ng sustentong-pinansiyal sa panganganak.

Sustentong-pinansiyal: 420,000yen sa bawat bata (408,000yen naman sa mga ospital na walang sistema ng kompensasyong-medikal sa malubhang sakit na *serebral paralysis/kapansanan sa pagkilos, pagpapanatili ng balanse at postura (Manen)*)

Nararapat na tao: Mga panganganak pagkatapos ng 4 na buwan ng pagbubuntis (85 araw), pati mga ipanganak pa lamang.

Paraan ng Aplikasyon: Maaaring isagawa ang proseso sa ospital. Mangyaring punan ang dokumento ng aplikasyon

URL: <https://www.kyoukaikenpo.or.jp/g6/cat620/r310/>

- Kanang itaas na bahagi ng pahina **Piliin ang wika** maaring makapamily ng wika (Inglis, Intsek (Madaling-intsek, Tradisyunal na intsek), Koreano, Kastila, Portugal)

Kung liliban sa trabaho dahil sa panganganak? [*Tulong -pinansiyal sa panganganak*] (*Shussan Teatekin*)

Kung magkaroon ng mahabang panahon na bakasyon sa trabaho dahil sa pagbubuntis o panganganak, maaaring hindi mabayaran ang inyong sahod at maaaring mahirapan kayo sa inyong pamumuhay. Gayunpaman, kung ikaw ay nagtatrabaho sa isang kumpanyang may segurong pangkalusugan, maaari kang makakuha ng "sustentong-pinansiyal para sa panganganak." mabibigyan ng sustentong-pinansiyal bilang garantiya ng inyong pamumuhay. (Ang panganganak ng tinutustusang mga tao ay hindi sakop). Bilang karagdagan, walang ganitong sistema sa panlipunang-seguro sa pang-kalusugan ng mga lungsod, bayan at munisipalidad.)

Sustentong-pinansiyal: Tinatayang dalawang-katlo(2/3) ng karaniwang halaga ng suweldo para sa isang taon

Target na panahon: 42 araw bago ang araw ng panganganak (98 araw maramihang pagbubuntis) +56 na araw pagkatapos ng panganganak.

Paraan ng Aplikasyon: Mangyaring mag-aplay para sa segurong pangkalusugan sa kumpanyang pinagtrabauhan.

URL: <https://www.kyoukaikenpo.or.jp/g6/cat620/r311/>

- Kanang itaas na bahagi ng pahina **Piliin ang wika** maaring makapamily ng wika (Inglis, Intsek (Madaling-intsek, Tradisyunal na intsek), Koreano, Kastila, Portugal)

Ang bayarin sa segurong panlipunan na ibinabawas sa inyong buwanang suweldo ay hindi sisingilin sa panahon ng bakasyon sa panganganak/ *maternity leave*. Mangyaring kumunsulta sa departamento ng pangkalahatang gawain (*General affairs*) sa inyong kumpanya.



Seguridad sa pag-aaruga sa inyong anak

~Tungkol sa sistemang pampublikong-tulong~

Maraming gastusin ang kakailanganin para sa pagpapalaki / pag aaruga at sa pagpapaaral sa mga bata. Sa Japan mayroon ibat ibang serbisyong gastusin ng sistemang pampubliko na sumusuporta para sa pagpapalaki / pag-aaruga sa mga bata, mayroong kailangan ng aplikasyon, mayroon naman may mga nakatalagang mga panahon para sa aplikasyon. Kumpirmahin at gamitin ang mga ito.



○ Sistemang-suportang-pinansiyal sa mga bata (*Jidou teate seido*)

Ito ay sistemang-suportang-pinansiyal para doon sa mga magulang na nagpapalaki ng mga bata mula sa edad ng pagkapanganak hanggang sa edad na magtatapos sa pangalawang mataas na paaralan(JHS). Kung magkahiwalay ang pamumuhay ng mga magulang (ina at ama) kung sino ang kasamang magulang na siyang nagpapalaki ang siyang bibigyang prayoridad na makatanggap nito. At kung ang mga magulang ng bata ay nakatira sa ibang bansa, kung sino ang inatasang nagpapalaki sa bata sa loob ng bansang Japan ang siyang makakatanggap ng suportang-pinansiyal.

Info Sa bawat munusipyo ng lungsod.bayan

○ Libreng bayarin sa Edukasyon para sa mga Musmos/Maagang Edukasyon(Kinder),(Nursery) at sa Paaralang-elementarya at Junyor Hayskul (JHS)

Libreng matrikula sa mga serbisyo sa mga sertipikadong nursery na may klase ng pang3~ 5 taon gulang na mga bata sa kindergarten at nursery at sa mga sambahayan na libre sa bayarin sa pang-munisipal na buwis ng mga batang mula sa klase ng 0~2 taon gulang. At sa mga magulang na sertipikadong nangangailagan "Paaalagaan ang mga bata para sa rason tulad ng mga trabaho, may mga tulong-pinansiyal din para doon sa pinalawig na serbisyo ng pangalagaan at kindergarten. Libre din ang matrikula sa Pam-publikong paaralang elementarya at sekondariya.

info Sa bawat munusipyo ng lungsod.bayan

Opisina ng Gabinete HP <https://www8.cao.go.jp/shoushi/shinseido/musyouka/about/en/index.htm>



○ Sistemang-Suportang -Pinansiyal sa Pag aaral (*Shuugakuenjo*)

Suportang-pinansiyal sa mga magulang na may pinag aaral na mga anak na nasa elementarya at sekondariyang paaralan. Suportang-bayarin para sa mga kagamitan sa pag aaral at sa pagpasok sa paaralan, bayarin para sa PTA at sa mga bayaring sa pag aaral at sa mga magulang nasa ilalim ng pampublikong suporta at sa mga taong kapareho din ng sitwasyon nila.

info Sa Pinapasukang paaralang-elementarya at sekondariya o sa pang munisipal na kagawaran ng edukasyon.

○ Sistemang-Suportang-Pinansiyal para sa pagpasok sa Senior High School (*Koutogakkoutou shuugakushien seido*)

Para sa mga sambahayan na may taunang kita na mas mababa sa mahigit-kumulang 9.1 milyong yen na may papasok sa senior high school (mataas na paaralan pang -teknikal na kolehiyo, Pang-sekondariyang dalubhasaang pagsasanay) ay susuportahan sa bayarin sa matrikula. Sa halip na deretsahang pagbigay nito sa mga magulang, ang paaralan ang siyang tatanggap para sa paglalaanan ng mga bayarin para sa klase.

Info Mag apply sa pinapasukang paaralan

○ Sistemang-Iskolarship-Laang-Salapi para sa mga nasa hayskul (*Koukouseitou shougaku kyufukin*)

Upang mabawasan ang pasanin sa bayarin maliban sa mga bayarin sa matrikula may mga suportang-laang salapi sa Mga sambahayang may mababa ang kit ana may nag aaral na mga anak sna nasa mataas na paaralan / hayskul.

Info Sumangguni sa pinapasukang paaralan, sa kaso ng pribadong paaralan sa Shiga Prefectural General Affairs Department, The Promotion Division of a private school and Prefectural university • sa kaso ng pambansa at pampublikong paaralan sa Education and General Affairs Division of The Shiga Prefectural Board of Education.



○ Bagong-sistemang suporta sa mataas na antas ng edukasyon(Iskolarship- pagbawas, pagkalibre sa pasanin ng bayarin, at mga iba pang klase ng benipisyong-iskolaship

Depende sa kita ng sambahayan at iba pa, mayroong sistemang-iskolarship sa pagbawas at pagkalibre ng mga bayarin sa pang matrikula at sa mga bayarin sa pagpatala sa mga unibersidad,bokasyonal na paaralan at iba pang mga klase ng benipisyong iskolarship. Maari din mag aplay habang pumapasok sa paaralan (hayskul).

info Sa pinapasukang paaralan, Sa papasukang paaralan • Japan Student Support Organization (Kiko)

PAHAYAGAN MIMITARO

◆ Ipagpatuloy ang pagpatupad sa mga pangunahing hakbangin iwas-COVID-19

Nagsimula na ang sa Pang-ikatlong dosis ng bakuna (Pampalakas na bakuna) sa Prepektura ng Shiga. kung kayo ay Nakatanggap na ng tiket para sa pagpapabakuna mula sa inyong lokal na pamahalaan ng lungsod o bayan, maari ka ng makapagpareserba at makapagpabakuna na.

◆ Kung sa palagay mo nahawaan ka ng COVID-19

→ Kung may lagnat at masakit ang lalamunan: Kumonsulta sa inyong doktor o kaya sa mga institusyong-medikal na sumusuri sa mga pasyenteng may lagnat “tumawag muna bago magpasuri”.

◇ Listahan ng mga klinika sa Shiga para sa mga pasyenteng may lagnat na dumadalaw sa mga pagamutan (outpatients):
URL: https://www.pref.shiga.lg.jp/ippan/kenkouiryuhukushi/iry_o/314835.html

◆ Para sa mga naapektuhan ng COVID-19

○ Nahawaan, may suspetsang nahawaan at hindi nabayaran ng sahod o kaya kalahating bayad lamang.

Pinansiyal na tulong para sa mga nagkasakit o napinsala Syoubyou teatekin

- Pambansang-segurong -pangkalusugan (*National Health Insurance*) • Serbisyong-sistemang medikal para sa mga matatanda → Sa bawat tanggapan ng munusipyo
- Mga nakapisan sa segurong-pangkalusugan (*Health Insurance Subscriber*) → Kyokai Kenpo • Sa bawat unyon/kapisanan ng seguro

○ Hindi nakatanggap ng pinansiyal na tustos sa sapilitang pag alis/pagliban sa trabaho **Kyougyouuteate** gaya sa mga nagkaroon ng malapitang-kontak (*noukousesshoku-sha*)

Suportang pundo para sa pinansiyal na tustos sa sapilitang pag alis/pagliban sa trabaho sa ilalim ng paglaganap ng COVID-19 Kyugyo shiekin, Kyufukin

→ Call Center ng Suportang pundo para sa pinansiyal na tustos sa sapilitang pagliban sa trabaho sa Kagawaran ng Kalusugan, Trabaho at kapakanang-pang tao (Ministry of Health Labor and Welfare) TEL 0120-221-276
URL: <https://www.mhlw.go.jp/stf/kyugyoshienkin.html>

○ Kung nahawaan sa Trabaho
Kabayaran sa mga nagtrabaho Rousai-hoken
→ Tanggapan ng tagapagsuri sa pamantayan ng paggawa (Labor Standard Inspection Office)

○ Sa mga namamahala ng negosyo at sa mga nagtrabaho (sariling negosyo) na bumaba ang benta ng negosyo
Tulong-pinansiyal para sa pagpapanatili ng negosyo Jigyou fukkatsu shienkin

→ Call Center ng Tulong -pinansiyal para sa pagpapanatili ng negosyo (hanggang Mayo 31)

TEL 0120-789-140

URL: <https://jigyou-fukkatsu.go.jp>



BALITA MULA SA MIMITARO



◆ Kursong pagpataas ng kasanayan para sa trabaho 2022

- **Kurso sa buwan ng Hunyo** (4 buwan na pagsasanay)

Panahon : Hunyo 1 ~ Septyembre 30 9:30~16:00

Nilalaman : kakayahan sa kaalaman sa Nihongo, Pangunahing kaalaman sa Kompyuter at iba pa

Lugar : Career College ITOGEN

Minakuchi-cho Motoayano 1-7, Koka

TEL 0748-65-2345

- **Kurso sa buwan ng Agosto** (4 buwan na pagsasanay)

Panahon : Agosto 1 ~ Nobyembre 30 9:30~17:00

Nilalaman : Pagsasanay sa pangunahing kaalaman sa kurso sa mga bagong care staff at iba pa.

Lugar : U-com Kusatsu Wakatake-cho 8-10 Kusatsu

TEL 077-566-4114

Info Techno College Maibara

TEL 0749-52-5300

E-mail kogisen@pref.shiga.lg.jp



◆ Orizuru-kai suporta para sa mga naulila sa aksidenteng trapiko

Nagbibigay ng Iskolarship ang Orizuru-kai, Mga benipisyo para Sa mga baguhang papasok at iba pa..at para sa paglilibang sa tag-init na panahon para sa mga kabataan sa prepektura na nawalan ng mga magulang/tagapagpatnubaydulot ng disgrasya sa trapiko (mula sa edad na 0 hanggang sa pasukan ng Marso, hanggang pagkadating nila sa edad na 18 taon gulang).

Info Pamublikong Interes Saligan ng Korporasyon tanggapan ng Orizuri-kai (Sa loob ng Sangay sa pagpapanatili ng mga daanan sa Prepektura ng Shiga)

TEL 077-528-3682

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga/Shiga Gaikokujin Soudan Center

(Sa loob ng Shiga Intercultural Association For Globalization)
Magyaring makipag ugnayan lamang sa aming tanggapan Kung may mga suliranin o katanungan, nakahanda sa ibat Ibang wika, mayroon din libreng konsultasyon para sa legal Na konsultasyon/ pagsangguni.

TEL 077-523-5646 Fax 077-510-0601

E-mail mimitaro@s-i-a.or.jp

Nakatala sa websayt ng SIA ang mga imporasyon patungkol sa COVID-19

<https://www.s-i-a.or.jp/news/509>

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Hulyo